# Kailan Magaganap ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo?

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Naisip mo na ba kung kailan magaganap ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo o kung magiging handa ka? Marahil ay gayon din ang mga tanong ng mga Banal sa Tesalonica.

Basahin ang 1 Tesalonica 5:1–3 at alamin ang mga metaporang ginamit ni Pablo upang ilarawan ang panahon na babalik si Jesus sa lupa.

- Ano ang nalaman mo?

- Ano ang itinuturo sa iyo ng metapora ni Pablo tungkol sa magnanakaw sa gabi at sa isang babaeng nanganganak tungkol sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas?

Basahin ang 1 Tesalonica 5:4–6 at alamin ang mga katotohanang itinuro ni Pablo tungkol sa pagiging handa sa Ikalawang Pagparito. Ihambing ang mga turong ito sa Doktrina at mga Tipan 106:4–5.

- Anong mga natutuhan mo?

Ang isang katotohanan na matututuhan natin mula sa mga turo ni Pablo ay **kung sisikapin nating maging "mga anak ng liwanag" sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesucristo, magiging handa tayo sa Kanyang muling pagparito.**

Upang malaman pa ang tungkol sa iba't ibang paraan na inaanyayahan tayo ng Panginoon na maging mga anak ng liwanag, basahin ang 3 Nephi 18:24; Doktrina at mga Tipan 50:23–25; 88:67–68. Ilista sa iyong study journal ang malalaman mo na makatutulong sa iyo na maunawaan kung paano maging anak ng liwanag.

- Paano mo inaanyayahan ang liwanag ng Panginoon sa iyong buhay? Paano mo lalong maaanyayahan ang Kanyang liwanag sa iyong buhay?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *When Will the Second Coming of Jesus Christ Happen?*.
Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.